

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

**Pagsilang ng Panginoon**

2017-12-25

Leksyonaryo Bilang 14

**MAAARING AWIT SA PAGTITIPON**

Pasko ay Sumapit, Ang | Vicente Rubi at Levi Celerio

**PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.**

**PAPURI SA DIYÓS.**

**LITÚRHIYA NG SALITÁ**

**UNANG PAGBASA**..... Isaias 9:1-6

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman,  
namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim.

Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang,  
dinagdagan mo ang kanilang tuwa.

Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan,  
tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan.

Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan  
tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian.

Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.

Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma,  
ang lahát ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin.

Sapagkat ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki.

Ibinigay ang isang anak sa atin at siyá ang mamamahala sa atin.

Siyá ang Kahanga- hangang Tagapayo,

ang Makapangyarihang Diyós,

Walang hanggang Ama,

ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan  
ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kaniyang paghahari  
upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran  
ngayon at magpakailanman.

Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoón.

**TUGÓN SA SALMO**

Sa ati'y sumilang ngayon Manunubos Kristong Poon!

VIC ROMERO

Andante (♩ = c. 90)      D                      A                      D

Sa a - ti'y su - mi - lang nga - yón\_\_\_ Má-

4                      A                      D

nu - nu-bós, Kris - tong Po - ón. \_\_\_

Tugtugin © 2012-2014 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

**SALMO:** Awit 096:1-2a, 2b-3, 11-12, 13

Purihin ang Panginoon, awitan ng bagong awit;  
ang Poon ay papurihan nitong lahat sa daigdig!

Awitan ang Panginoon, ngalan niya ay purihin;  
araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin.  
Kahit saa'y ipahayag na ang Poon ay dakila,  
sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.

Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman,  
lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang.  
Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw,  
pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan.

Ang Poon ay pupurihin, pagka't siyá ay daratal,  
paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan.  
Tapat siyá kung humatol at lahat ay pantay-pantay.

**IKALAWÁNG PAGBASA** .....Sulat kay Tito 2:11-14

Pinakamamahal kong kapatid:  
Inihayag ng Diyós ang kaniyang kagandahang- loob  
na nagdudulot ng kaligtasan sa lahát ng tao.  
Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan  
ang likong pamumuhay at damdaming makalaman.  
Kaya't makapamumuhay tayo ngayon nang maayos,  
matuwid at karapat-dapat sa Diyós  
samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan

– ang dakilang Araw ng paghahayag sa ating dakilang Diyós  
at Tagapagligtas na si Hesukristo  
sa gitna ng kaniyang kaningningan.  
Ibinigay niya ang kaniyang sarili upang iligtas tayo  
sa lahat ng kalikuan at linisin para maging kaniyang bayan  
na nakatalagang gumawa ng mabuti.

## PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

### Alleluia sa Paskó, at Christmas, en Navidad

arr. Vic Romero

Al - le - lu - ia, Al - le - lu - ia,  
Al - le - lu - ia, Al - le - lu - ia!

Itó'y Balitang masayá, Manunubós sumilang na, sa ati'y Kristo, Poón s'yá.

**MABUTING BALITÀ**..... Mabuting Balita ayon kay San Lucas 2:1-14

Noong panahong iyon,  
iniutos ng Emperador Augusto na magpatala  
ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma.  
Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa  
nang si Cirenio ang gobernador ng Siria.

Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.  
Mula sa Nazaret, Galilea,  
si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea,  
ang bayang sinilangan ni Haring David,  
sapagkat siyá'y mula sa angkan at lahi ni David.  
Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria  
na kaniyang magiging asawa na noo'y kagampan.

Samantalang naroroon sila,  
dumating ang oras ng panganganak ni Maria  
at isinilang niya ang kaniyang panganay at ito'y lalaki.  
Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban,  
sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahaypanuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang,  
nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa.  
Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon  
at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon.  
Natakot sila nang gayon na lamang,  
ngunit sinabi sa kanila ng anghel,  
“Huwag kayong matakot!  
Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo

na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao.  
 Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas,  
 ang Kristong Panginoon.  
 Ito ang palatandaan:  
 matatagpuan ninyo ang isang sanggol  
 na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban."

Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan,  
 na nagpupuri sa Diyos:  
 "Papuri sa Diyos sa kaitaasan,  
 at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!"

## HOMILYA

### PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

#### PANALANGIN NG BAYAN

- . . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- . . b. Para sa mga Kinaúukulan
- . . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

## LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

### MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Emmanuel | Gozum at M. Francisco SJ  
 Kay Tahimik (Silent Night)  
 Lahat ay Tahimik | Victor Eclar Romero

### SANTO, SANTO, SANTO

### PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

### DAKILANG AMEN

### PANALANGIN NG PANGINOÓN

### KORDERO NG DIYÓS

### MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Halina, Kristiyano (Adeste, Fideles)  
 Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)

### MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Kay Ganda ng Paskong Pilipino | Victor Eclar Romero  
 Pasko ay Sumapit, Ang | Vicente Rubi at Levi Celerio

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».  
 Palítan ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin  
 sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

## Halina, Kristiyano

### Adeste, Fideles

Andante (♩ = c. 88) F B $\flat$ /F C/E F C/E F B $\flat$  F/C C

1. Ha - li - na, Kris - t'ya - no, ma - sa - yá't pa - na - lo, Ha -  
 2. Ang - hél, u - ma - wit na, sa ka - li - ga - ya - han u -  
 3. Ka - mí'y bu - ma - ba - ti, Kristong ba - gong si - lang, sa  
 4. D'yós sa D'yós bu - hat, Tu - nay na li - wa nag, Kay

Dm C G C F/A C/E F G C

6

1. li - na, ha - li - na sa Beth - le - hém.  
 2. ma - wit, ka - yóng na - sa ka - la - ngi - tan.  
 3. 'yo ang pa - pu - ri mag - pa - kai - lan - mán.  
 4. Bir - heng Ma - ri - a i - si - ni - lang.

Am Gm F C/G F C F Dm B $\flat$  C C

10

1. Mas - dán: 'si - ni - lang Ha - ri nang ma - ngá ang hél. Ha  
 2. Sa D'yós pa - pu - ri sa ka - i - ta - a - san. Ha  
 3. O na - gíng ta - o ng A - má ang Sa - li - tá. Ha  
 4. S'yá nga'y D'yós na - tin, 'si - ni - lang, di ni - lik - há. Ha

F

14

li - na, sam - ba - hín s'yá, Ha - li - na, sam - ba - hín s'yá, Ha -

C/G F C/E G/D C F/A B $\flat$  C F

18

li - na, sam - ba - hín Kris - tong Pa - ngi - no - ón!

Tugtugin: John F. Wade, c.1711-1786

Titik Tagalog karapatáng-sipi © 2007-2011 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com.

Maaaring kopyahin kung pansariling gamit. Kailangan ang pahintulot sa ibang gamit.

## Kay Tahimik

**B<sup>b</sup>**  
**Andante** (♩ = c. 88)

1. Kay ta - hi - mik, kay pa - ya - pa  
 2. Kay ta - hi - mik, kay pa - ya - pa,  
 3. Kay ta - hi - mik, kay pa - ya - pa,  
 F B<sup>b</sup>

3  
 1. Sa 'li - gid ng sang - gol  
 2. Na - mas - dan ng pas - tol  
 3. Ka - lo - ob sa la - hat  
 E<sup>b</sup> B<sup>b</sup>

5  
 1. Na sa Bir - heng I - na 'si - ni - lang,  
 2. Nag - pu - pu - gay ang - hel sa la - ngit,  
 3. Bi - ya - ya ng ka - pa - ya - pa - an,  
 E<sup>b</sup> B<sup>b</sup>

7  
 1. D'yos na tu - nay sa a - ting pi - ling,  
 2. "Al - le - lu - ia" ang i - na - a - wit.  
 3. Po - ong D'yos, He - sus ba - gong si - lang,  
 F G<sup>m</sup> B<sup>b</sup>

9  
 1. Tu - - log nang ma - pa - na - tag,  
 2. Kris - tong Po - o'y 'si - ni - lang,  
 3. Sa 'ming pu - so tu - loy po,  
 B<sup>b</sup> F B<sup>b</sup>

11  
 1. Tu - log nang ma - pa - na - tag.  
 2. Kris - tong Po - o'y 'si - ni - lang.  
 3. Sa 'ming pu - so tu - loy po.

Tugtugin: STILLE NACHT, 66.89.66, Franz X. Gruber, 1787-1863

Titik Tagalog karapating-sipi © 2007 Victor Eclar Romero. info@magsimba.com.

Maaaring kopyahin para sa pansariling gamit. Kailangan ang pahintulot sa ibang gamit.

## Lahát ay Tahimik

VIC ROMERO

*mp* Moderato (♩ = c. 108)

D A Bm

La-hat ay ta-hi-mik, pa-ti ma-nga ba-ka, kam-bing at ka-ba-yo

4 G D A D

da - hil na-hi-him - bing si He - sus.

9 D A Bm

Ang ma-nga pas-tol na - ka-lu-hod, su-ma - sam - ba sa - ba-tang na-

12 G D A D

ka - him-lay, Mas-dan ang D'yos sa mun - do.

16 *mf* G D A *mp*

Sa sang-gol nag-ba - ban - tay ang i-nang Ma-ri-a't Jo-

20 D G *mf* D E

se, ba-gong pa-nga-nak ang ba - ta, s'ya ay ka-tu-wa - tu-

24 A D *p* A

wa! Ang ma-nga ang-hel ba - li-tang ma-gan-da i -

27 Bm G D A  
 pi-na-ha-hayag sa a - tin: Me - si - as — du-mating

31 D G *mf* D  
 na Sa Bethlehem ta-yong la-hat, —

35 A D G *mf* D  
 — Me-si-as sa-lu-bu-ngin, Pu-so'y buk-san — at kay He-sus:

39 E A D *mp*  
 "Po-on tu-loy po ka - yo!" La-hat ay ta-hi - mik, pa -

42 A Bm G D *p*  
 ti ma-nga ba-ka, kam-bing at ka-ba-yo da - hil na-hi - him-

46 *rit.* A D  
 bing si He - sus.



## Sa Amáng Mahál Sumilang



1. Sa A-mang ma-hal su-mi - lang ba-go pa nag-ka-pa-na-hon,
2. Pi - nag-pa-lang, O pag-si - lang, sa da-la-ga nang gras - ya,
3. Pa - ngi - ta - in nang ma-nga pan-tas, sa a-wit i - ni - la - ra-wan
4. Siya'y si - na - sam - ba sa la - ngit, nang ma-nga huk-bo nang ang-hel,
5. Sa 'yo, Kris - to at sa D'yos A-ma't, sa Ba-nal na Es - pi - ri - tu,



S'ya ang Al - pha at O - me - ga, Si - mu - la at ka - ta - pu - san  
 Li - hi sa Es - pi - ri - tung ba - nal, Ta - ga - pag - lig - tas ang da - lang  
 nang ma - nga pro - pe - ta hi - na - yag, pi - na - nga - kong da - ra - ting.  
 lu - hod at yu - ko sa ha - rap n'ya, a - wit ka - da - ki - la - an n'ya.  
 a - wit nang pag - pa - sa - la - mat, si - gaw nang ma - nga pa - ra - ngal,



nang la - hat nga - yon at no - on, ma - ging sa hi - na - ha - rap,  
 Sang - gol a - ting Ma - nu - nu - bos, na - si - la - yan nang u - na,  
 Ang hi - nin - tay su - mi - kat - na, Pa - ngi - no - o'y pu - ri - hin  
 sa daig - dig wa - lang ta - hi - mik, nag - pu - pu - ri ang la - hat  
 ga - nap ang i - yong ta - gum - pay, mag - a - nak lig - tas la - hat



mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.

A - men.